KIMIS SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NGAYONG IKA 9 NG SETYEMBRE 2013.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad |
| | Kgg. Gerardo S. Ruz | Kagawad |
| | Kgg. Alexander R. Guerrero | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad-Liga Pres. |
| DI-DUMALO: | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad-SK Pres. |

**KAPASYAHAN BLG. 115-S-2013**

**ISANG KAPASYAHAN/ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG KAUKULANG BUTAW O HAULING FEE SA LAHAT NG MGA HUMAHAKOT NG BUHANGIN, GRABA, LUPA AT BOULDERS SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA.**

1. YAYAMANG, upang mapangalagaan ang likas na yaman ng Bayan ng Bongabon;
2. YAYAMANG, upang matugunan ang paglalaan ng pondo para sa proyektong pangkalikasan,
3. YAYAMANG, upang madagdagan ang mga pondo para sa gawaing pangkaunlaran ng bayan at barangay na nasasakupan;

DAHIL AT ALANG-ALANG DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ronnie S. Cudia na pinangalawahan naman ni Kagawad Hernan P. Andres;

PAGTIBAYIN GAYA NG NGAYON AY PINAGTIBAY, na lahat ng mga humahakot ng buhangin, graba, lupa at boulders ay magbayad ng butaw o hauling fee sa Pamahalaang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija.

IPINAG-UUTOS ANG MGA SUMUSUNOD:

**PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 123-S-2013**

SEKSYON. I – ANG LAYUNIN NG KAUTUSANG ITO:

Upang mapangalagaan ang likas na yaman:

1. Maipatupad ang kautusang ito sa lahat ng kumukuha sa lupang publiko, dalampasigan, sapa at iba pang pinagkukunan nito na magbayad ng butaw o hauling fee.
2. Upang mapaglaanan ng pondo ang mga proyektong pangkalikasan.
3. Maitakda ang mga regulasyon ukol sa paghahakot ng buhangin, graba, lupa at boulders.

SEKSYON II- PAGPAPAKAHULUGAN NG MAHALAGANG TERMINO BATAY NA RIN SA GAMIT NA NAAYON SA KAUTUSANG ITO.

1. Buhangin – maliit na pinong uri ng bato na nakukuha sa dalampasigan sa pamamagitan ng pagsusulandra sa lugar na meron nito.
2. Graba- halong maliliit na buhangin at di gaanong kalakihang uri ng bato.
3. Boulder- mas malaki sa karaniwang bato na ginagamit sa pagbibigay ng proteksyon, riprap sa mga dike, pundasyon at mga iba pang pinaggagamitan nito.
4. Truck- gamit sa paghahakot ng buhangin, graba, lupa at boulders.
5. Paghahakot- pagkuha ng ibat-ibang uri ng graba na ikinakarga sa ibat-ibang uri ng truck na maaaring ikarga ng tao o makinarya.
6. Butaw o hauling fee – bayad sa pagmimina ng buhangin, graba, lupa at boulders.

SEKSYON III – MGA ALITUNTUNIN sa pagkuha ng buhangin, graba, lupa at boulders.

Pagbabayad ng butaw o hauling fee sa bilang o dami ng truck ng mineral na hahakutin:

1. Tatlong (3) kopya ng vicinity map, na isinasaad ang lugar ng pagkukunan (quarry) na may lagda ng lisensiyadong Geodetic Engineer, at ang inaplayan ay di hihigit sa Sampung Libong (10,000) metro kuwadrado o isang (1) ektarya.
2. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagkuha ng alinmang nabanggit sa malapit sa protected areas tulad ng dike, tulay at patubig sa layong di bababa sa dalawangdaang (200) metro.
3. Maaari lamang kumuha sa malapit sa mga protected areas sa kadahilanang ito ay upang laliman ang daan ng tubig, matapos ma-inspeksyon ng Pambayang Inhenyero at irekomenda na mabigyan ng pahintulot ng MENRO.
4. Ang paghahakot ay direktang susubaybayan ng Tanggapan ng MENRO.
5. Ang kopya ng kaukulang resibo ang siyang ipapakita sa lugar na paghahakutan.
6. Ang lahat ng may pahintulot (permit) sa lalawigan sa quarry ay inaatasan na kumuha at magbayad ng pahintulot sa pagnenegosyo (Business Permit), pahintulot ng Punong Bayan (Mayors Permit) at Butaw o “Hauling Fee” sa Pambayang Ingat Yaman.
7. Walang pahihintulutang makahakot ng anumang uri ng mineral sa dalampasigan ng nasasakupan ng Bayan ng Bongabon kung paso na ang pahintulot mula sa Lalawigan.
8. Upang higit na maprotektahan ang dalampasigan at mga karatig na ari-arian, tanging residente lamang ng Bayan ng Bongabon ang bibigyan pahintulot na magmina (quarry) sa dalampasigan nakapaloob sa Bayan ng Bongabon.
9. Maari lamang humakot ang mga taga-ibang lugar kung sila (siya) ay magbabayad o bibili ng hauling pass sa mga lehitimong nagpapatakbo ng quarry sa Bayan ng Bongabon.

SEKSYON IV– ANG KAUKULANG BUTAW O “HAULING FEE” at minimum na dami sa pagkuha ng buhangin, graba, lupa at boulders.

| Ibat-ibang Uri ng Truck/Dump Truck | Buhangin/Lupa | Graba | Boulders | Minimum na bilang ng hahakutin |
|---|---|---|---|---|
| Ten Wheeler | P 175.00 | P 120.00 | P 200.00 | 50 |
| Forward/Six Wheeler | P 100.00 | P 75.00 | P 150.00 | 50 |
| ELF | P 75.00 | P 60.00 | P 100.00 | 20 |
| Iba pang uri ng maliliit na sasakyan | P 50.00 | P 50.00 | P 75.00 | 20 |

SEKSYON V – ORAS AT LUGAR NA PAGBABAYARAN: ANG BUTAW O “HAULING FEE” ay babayaran sa Pambayang Ingat-Yaman o sa awtorasadong kinatawan nito.

SEKSYON VI – HATIAN NG KITA SA BUTAW:

a. Munisipyo - 40%
b. Barangay - 60%
c. Ang Pambayang Tagatuos (Accountant) pagkaraan ng 90 araw matapos matanggap ng Tanggapan ng Ingat Yaman ang nasabing butaw o hauling fee, ito ay magsasagawa ng kaukulang papeles upang maibigay ang kaparte sa kinauukulang Barangay.

SEKSYON VII – PAGBIBIGAY NG KARAPATAN: Ang lahat ng mga barangay na may quarry ay binibigyan ng karapatan upang ipatupad ang kautusang ito gaya ng mga sumusunod:

Ang Punong Barangay o ang kanyang itinalagang mga awtorisadong kinatawan ang inaatasang magpatupad sa kautusang ito.

1. Tingnan kung nakabayad ng wastong butaw ang bawat pagdaraan ng sinumang naghahakot sa dalampasigan.
2. Pag-abiso sa mga maghahakot na di pa nakakabayad ng butaw na magbayad muna sa Pambayang Ingat Yaman.
3. Tingnan ang bawat pagdaraan ng may kargang Truck ng iba’t-ibang uri ng mineral.
4. Karapatang pansamantalang pigilin ang sinumang humakot na di nagbayad ng di lalampas sa isang araw.
5. Matapos makabayad agad aalisin ang pagpigil.

6. Ipadala sa munisipyo ang alinmang truck at driver na lumabag.
7. Pagkuha sa kopya ng resibong pinagbayaran sa butaw ng mga humahakot at isumite sa Tanggapan ng Pambayang Ingat Yaman kung mag-claim ng kaparte ang barangay.
8. Pangalagaan ang kaayusan ng quarry site.
9. Magpadala ng regular na ulat ukol sa quarry sa Pamahalaang Bayan.

SEKSYON VIII – MENRO: Municipal Environment and Natural Resources Officer ay itinatalaga na siyang tuwirang may Superbisyon sa pangangalaga ng dalampasigan sa nasasakupan ng Bayan ng Bongabon.

1. Magtalaga ng mga tseker mula sa kawani ng Pamahalaang Bayan na may pagpapatibay ng Punong Bayan, upag makatulong sa ordinansang ito.
2. Maghain ng kaso sa mga lumabag, sa ngalan ng Pamahalaang Bayan.

SEKSYON IX – ANG KAPARUSAHAN: Ang sinumang lumabag sa alinmang bahagi o itinadhana ng kapasyahang/ordinansang ito ay paparusahan gaya ng mga sumusunod:

1. Pagpigil ng Truck (impound) at driver sa munisipyo ng di lalampas ng isang araw, na kaagad aalisin ang pagpigil kung nabayaran na ang kaukulang multa.

ANG MULTA:

| | |
|---|---|
| 1. Unang paglabag | - Isang Libong (P 1,000.00) Piso |
| 2. Pangalawang Paglabag | - Isang Libo, Limang Daang (P 1,500.00) Piso at pagbibigay ng babala (warning sa paglabag) |
| 3. Pangatlong Paglabag | - Dalawang Libong (P 2,000.00) Piso at pagkansela sa pahintulot sa pagnenegosyo |

SEKSYON X – TAGAPAGPATUPAD

1. Punong Bayan
2. MENRO
3. Pambayang Ingat Yaman
4. Punong Barangay o Awtorisadong Kinatawan
5. PNP

SEKSYON XI – PAGPAPAHIWALAY NG SUGNAY:

1. Kung anuman ang dahilan o mga dahilan, alinmang bahagi ng probisyon ng kautusang ito ay taliwas sa Saligang Batas ng Local Government Code of 1991 (RA 7160), Panlalawigang Ordinansa at Municipal Environmental Code, ang ilang bahagi o mga probisyon dito na kundi apektado ay magpapatuloy na ipapatupad ng buo o may bisa.
2. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos makapagtakda ng pampublikong pagdinig (public hearing) magkakaroon ng konsultasyon at pagpupulong sa mga kinauukulan, magpaskil sa mga hayag na lugar at magpatibay ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nueva Ecija.
3. Pinagtibay pa din na padalhan ng sipi ang mga sumusunod;
    1. Tanggapan ng Punong Bayan
    2. Tanggapan ng Pambayang Ingat Yaman
    3. Tanggapan ng Punong Barangay
    4. MENRO
    5. Mga kinauukulang naghahakot ng buhangin, graba, boulders at lupa.

PINAGTIBAY NG LAHAT:

Pinagtibay ngayong ika 9 ng Setyembre 2013, dito sa Bayan ng Bongabon, Lalawigan ng Nueva Ecija

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng Kapasyahan/Kautusang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

CARMENCITA P. CARPIO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

x------------------------------------------------------------------x

PINATUTUNAYAN:

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

KGG. MAXIMINO V. GERVACIO
Kagawad

KGG. ALEXANDER R. GUERRERO
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. ARCANGEL T. RUZ SR.
Kagawad

KGG. RONNIE S. CUDIA
Kagawad

KGG. LOPE C. VALMONTE
Kagawad

KGG. GERARDO S. RUZ
Kagawad

KGG. LODOVICO R. DE LEON
Kagawad

KGG. ALEJANDRO A. CAMATO
Kagawad-Liga Pres.

PINAGTIBAY:

**KGG. ALLAN XYSTUS A. GAMILLA**
Punong Bayan

Locational Clearance for Sand Extraction (Quarry)

3 copies of vicinity map indicating the applied area for land extraction duly signed by a licensed Geodetic Engineer and in this case, the area applied is not more than Ten Thousand (10,000) square meters or one (1) hectare.

3 copies of public hearing conducted and adopted by the Sanguniang Barangay interposing no objection on the quarrying activity.

| | |
|---|---|
| Application Fee | : P 5,000.00 for a period of one (1) month. |
| Maximum allowable period | : six (6) months and renewable for another six (6) months |

- Sagip Ilog
- Pangangalaga sa mga kalsada
- Pangangalaga sa kapaligiran
- Health Certificate for all employees